Ang pagiging pantay-pantay sa Finland

Mga impormasyon para sa dayuhang babae at lalake

SISÄASIAINMINISTERIÖ
MINISTERYO NG PANGLOOB NA MGA PANGYAYARI

VÄHEMMISTÖVALTUUTETTU
TANGGAPAN NG PAMAHALAAN NG MINORIYA

TASA-ARVOVALTUUTETUN TOIMISTO
TANGGAPAN NG NAMAMAHALA SA PAGKAPANTAY-PANTAY

Dito sa brosyur ay may nilalaman tungkol sa

Lipunan ng Finland _____ 3

Ang pagkakapantay-pantay ng buhay ng babae´t lalaki sa loob ng pamilya _____ 5

Kabutihan ng bata _____ 9

Paano masusuportahan ang pamilya at kabataan sa kanilang mga suliranin _____ 11

Pag-aaral at buhay-trabaho _____ 16

Pagkakalakal ng tao _____ 20

Mahahalagang impormasyon mula sa mga may awtoridad _____ 21

Pag-update ng sulat-kamay: Juhani Sippola
Grupo ng paggawa: Leena-Maija Qvist, ministri ng pangloob,
Pirjo Kruskopf, Tanggapan ng pamahalaan ng minoriya at
Minna Lundell-Kiuru, Tanggapan ng namamahala sa pagkapantay-pantay
Paglilimbag: Edita Prima Oy, Helsinki 2010

Ang uhilya ay isinalin sa ibang salitang katulad ng: albaniya, arabiya, dari, ingles kurdi (sorani), persiya, somali, finnish, tagalog, thai, russia at vietnam.

Kaalaman sa lipunan ng Finland

Dito sa brosyur ay matatagpuan ang mga impormasyon tungkol sa buhay-pamilya, pagpalaki ng anak, pag-aaral at pamumuhay ng mga lalake´t babae gayundin sa kanilang pamilya na lumipat ng tirahan dito sa Finland.

Karapatan sa pantay na pakikitungo

Ayun sa batas ang lahat ng tao sa Finland ay may karapatan sa pantay na pagturing. Sa batas ng pagkakapantay-pantay ay pinagbabawal ang diskriminasyon sa kapuwa dahil sa kanyang gulang, panlahi at orihin ng nasyon, nasyonalidad, wika, relihiyon, paniniwala, opinyon, kalusugan, kapansanan at sa kasarian. Sa batas ng pagkakapantay-pantay ay isasagawa halimbawa ang pagtrabaho, pagsasanay at sosyal at serbisyong- pangkalusugan. Sa batas ng pantay-pantay na opurtunidad ay ipinagbabawal ang diskriminasyon ng kasarian. Ipinagbabawal din ang pagdiskrimina ng pagbubuntis, panganganak at sa pagiging magulang o sa karapatan ng pamilyang mag-alaga. Ang layunin ng batas ay mapaunlad ang ugnayan ng pagiging magkapantay ng babae at lalaki sa trabaho, sahod, trabaho at sa buhay-pamilya na maging mahusay at karapat-dapat sa lipunan.

Serbisyong pampubliko

Ang serbisyong pampubliko ay kasali sa paunang serbisyo para sa mamayan na kung saan ito ay kaugnay sa sosyal- at pangkalusugang pag-aalaga, pagtuturo- at pagsasanay, kapaligiran at daan-, tubig/paagusan. Ang mga nabanggit na serbisyo ay pinamamahalaan ng distriktong rural. Ang bayan ay kasama halimbawa sa pampublikong serbisyo katulad ng polisiya, trabaho- at tanggapan ng pamumuhay at tagapagtanggol ng mga nagtatrabaho. Sa Finland ay walang kinikilingan at hindi binabatayan ng politika ang sistema ng hustisya. Ang mga organisasyon ay tumutulong sa mga serbisyong pampubliko.

Mga karapatan ng mamayan

Kasali sa paunang karapatan ang karapatang bomoto, kalayaan ng relihiyon, opinyon-, pagpupulong- at kalayaan sa pananalita, paglihim ng sulat, karapatan ng kabataan at karapatang kapantay sa lahat na pagtuturo at kapaligiran. May karapatang pumili ng tirahan sa Finland, malayang kumilos. Ang gawain ng bayan at pook-tirahan ay sa kahalagahan at kaligtasan ng tao kung kailangan.

➤ ANG PAGKALAKAL NG TAO AY KRIMENG MALUBHANG PINARURUSAN NG BATAS

Sa pagkalakal ng tao ang biktima ay pagsasamantalahang seksuwal at/o pinansiyal. May mga karagdagang impormasyon sa paksang ito sa pahina xx.

➤ ANG PAGSALIN NG SALITA

Kung hindi sapat ang kaalaman sa wika sa pakikipag-usap sa mga awtoridad, maaaring magtanong sa kanila ng paggamit ng tagasalin ng salita. Ang mga bata ay hindi gagamiting tagasalin ng salita.

Babae at lalaki pantay sa buhay-pamilya

Ang mag-asawa ay may parehong karapatan at obligasyon. Ang pakikipagtipan at pag-aasawa ay kusang-loob na nangyayari sa Finland. Ang babae´t lalaki ay malayang pumili ng kanilang makakasama. Ang mga magulang ay hindi pipili para sa kanilang mga anak ng pag-aasawa o pangangasawahin.

Iba´t-ibang uri ng pamilya

Ang tipikong uri ng pamilyang finnish ay ina, ama at mga anak. Dahil dito ang mga pamilya ay medyo maliliit.

Ang pamilya ay maaaring lalaki at babaeng nakatira sa iisang tirahan, kahit na hindi sila mag-asawa. Sila ay nagsasama na hindi kasal. Sa Finland ay maaaring magsama ang may parehong kasarian na hindi kasal o sa rehistro. Ang ibig sahihin ng asawa ay kung kasal, nakarehistro o kahit hindi kasal na nabubuhay pa.

Ang pag-aasawa sa Finland

Ang pag-aasawa ay ginaganap sa Finland sa pamamagitan ng kasalan sa simbahan o sa sibil halimbawa sa huwes. Bago maganap ang kasalan ay may pag-imbestiga, kung merong hadlang.

Ang pag-imbestiga ay maaaring gawin sa huwes o sa simbahan, kung saan ang mag-aasawa ay kasapi. Sa batas ng Finland ay walang patnugot na ibinibigay, kung may asawa at kasal na balido.

At kung nakababata ng 18 taong gulang at malapit na pinsan ay magiging hadlang sa pag-asawa. Ang mga hadlang ay sisiyasatin ayun sa batas ng Finland, kung ang isa sa mag-aasawa ay mamamayan ng Finland o nakatira sa Finland.

Bago ganapin ang kasalan ay pagpapasiyahan ng mag-aasawa ang magigi nilang apelyido. Ayon sa batas ng Finland maaari rin nilang gamitin ang kaniya-kaniyang apelyido o gamitin ang isa sa kanila para maging isang apelyido. Maaari ring pag-isahin ang mga pangalan, gamitin ang sarili at ang apelyido ng asawa.

Ang asawa sa matrimonyo ay magiging ama ng kanilang anak kaagad. Maliban sa ibang uri ng pag-aasawa, ang pagiging ama ay kailangang patunayan sa tagapagtanggol ng kabataan sa malapit na tirahan. Sa pagpapatunay ng pagka-ama ay mapangangalagaan ang karapatan ng bata halimabawa sa magiging mamanahhin nito.

Parehong karapatan at obligasyon

Ayon sa batas ng Finland ang mag-asawa ay may parehong karapatan at obligasyon. Kapuwa sila ay maaaring magtrabaho para sa ikabubuhay ng pamilya. Kung ang isa ay walang trabaho, siya ang mag-aasikaso ng mga gawain sa bahay. Kung merong trabaho at may sapat na sahod, bibigyan niya ng pera ang kabiyak para sa ikabubuhay at sa pangangailangan ng pamilya. Kung hindi siya sasang-ayon dito, kung kinakailangan ay maaari siyang piliting magbayad ng sustento para sa ikabubuhay.

Mag-asawa ang mangangasiwa ng kanilang sariling ari-arian

Ang mag-asawa ang mangangasiwa ng kanilang sariling ari-arian. Ayon sa batas ay sariling pag-aari ng bawa´t-isa ang kanilang ari-arian at mga bagay na pag-aari nila, bago sila nag-asawa o sa panahon

na sila ay mag-asawa. Ang kabiyak ay hindi maaaring magbenta o magbigay halimbawa ng parehong nagmamay-ari ng bahay, mga kasangkapan o mga gamit ng mga bata.

Kung ang kabiyak ay mag-isang nag-utang, siya lang ang mananagot ng pagbayad. Ngunit, kung silang dalawa ang may utang at kung may utang ang kabiyak dahil sa pagsustento sa pamilya, kapuwa sila may pananagutan.

Batas sa mga pag-aari

Ang pagmamay-ari ng mag-asawa ay karaniwang ayon sa batas ng bayan, kung saan sila ay nakatira sa panahon ng kanilang pag-asawa. Kung sila ay tumira sa ibang bansa, ang patakaran nila doon ang susundin.

Karaniwan, ang bagong batas ng bayang tinitirhan ay masusunod pagkatapos, kung ang mag-asawa ay tumira ng humigit-kumulang na limang taon.

Kung ang mag-asawa ay manatilihang manirahan sa Finland, ang kanilang ari-arian ay natutukoy sa pamamagitan ng kasal na ayon sa batas ng Finland. Ngunit, kung sila ay manirahan muna sa ibang bayan bago lumipat dito sa Finland upang manirahan, ang batas ng Finland ay magagamit pa sa loob ng limang taon. Bago nito ang pamamaraan ay magmumula sa batas ng bayang dating tinitirhan. Kung ang pag-uusapan ay balikbayan, ang batas ng Finland ay magagamit agad sa simula ng kanilang paninirahan.

Kasunduan sa paghati ng mg aari-arian

Sa pamamagitan ng kasulatang kasunduan ang mag-asawa ay maaaring magkasundo na gamitin ang batas ng kanilang unang bayang tinirahan o bayang pinagsilangan, upang mahusay ang kanilang mga ari-arian. Ang mag-asawang lumipat dito sa Finland ay maaaring magkasundo halimbawa na gamitin ang batas ng Finland sa paghusay ng mga ari-arian, bago sila manirahan ng limang taon. Sa paggawa ng kasunduan ay ipinapayong humingi ng tulong mula sa tanggapan ng pambatas o sa iba pang tagapagtanggol.

Karapatan sa pamana

Sa Finland ang mga babae´t lalaki ay nakakatanggap ng mana sa parehong paraan. Ang mga bata at ang kanilang mga anak ay may karapatang makatanggap ng mamanahin mula sa kanilang mga magulang sa kanilang pagkamatay. Kung ang kabiyak na namatay ay walang naiwang anak o apo, ang maiiwang kabiyak ang magigiging tagapagmana ng ari-arian. Ngunit, ito ay hindi mangyayari kung ang namatay na kabiyak ay nagtakda ng ibang kasulatan sa testamento. Sa bagong testamento ay masusunod, kung paano hahatiin ang ari-arian pagkatapos na siya ay mamatay.

Karaniwan, ang mga dayuhang naninirahan sa Finland ay may parehong karapatan sa pagtanggap ng mana katulad ng mga mamamayan ng Finland. Ang pagtanggap nito ay sa pamamagitan ng batas ng bayan, kung saan ang namatay ay nanirahan. Ang pamamaraan ng batas ay maaaring mabanggit din sa testamento. Ang paghati ng mana at pagawa ng testamento ay makakahingi ng tulong mula sa tanggapan ng pambatas o sa iba pang tagapagtanggol.

Ang kaibahan ng pag-aasawa at pagsasama

Ang pagsasama ay relasyon na ang mag-asawa ay nagsasama sa isang bubong, kahit di kasal sa isa´t- isa. Sa madalas na pangyayari, ang pagsasama ay inihahambing sa pag-aasawa halimbawa sa mga pangyayaring may kaugnayan sa panlipunang seguridad. Sa pagsasama ay kailangang pagkasunduan, kung paano hatiin ang kanilang ari-arian sa panahon ng paghihiwalay o kamatayan. Ang

kasunduang gagawin tungkol sa ari-arian ay kailangang isagawa sa kasulatan.

Ayon sa batas ng Finland ang pagsasama ay naiiba sa pag-aasawa halimbawa sa mga sumusunod:

- Ang mga anak ng mag-asawang hindi kasal ay hindi pareho ang katayuan sa anak ng mag-asawang kasal. Ang kanilang karapatan ay isinasalig sa kinalabasan ng ginawang pagsubok na patunay, kung sino ang kanilang ama.
- Kung ang mag-asawang hindi kasal ay maghiwalay, kapuwa sila ay maaaring umangkin ng kanilang ari-arian, maliban lamang kung merong isinagawang kasulatan.
- Ang mag-asawang hindi kasal ay walang karapatang makatangap ng mana sa isa´t-isa, kung walang ginawang kasulatang testamento. Ang pagsasama ay maaaring dahilan ng pagkakuha ng pahintulot sa pagtira, ang pagbigay ng permiso sa pagtira ay pinag-iisipan ng may awtoridad bawat pangyayari.

Pagplano ng pamilya at tagapayo sa pagpigil sa pagbuntis

Ang pagplano ng pamilya at tagapayo sa pagpigil sa pagbuntis ay matatagpuan sa pangkalusugang pambayan. Ang bagay na ginagamit para sa mga lalaki para sa pagpigil ng pagbuntis ay matatagpuan halimbawa sa bilihan ng mga pagkain o sa parmasya. Sa mga babae naman ay ipinapayong makipagkita at makipag-usap sa doktor halimbawa sa pangkalusugang pambayan. Ang pagbubuntis ay maaaring patunayan sa pamamagitan ng pagsubok sa pangkalusugang pambayan o bumili ng gamit sa parmasya at isagawa ang pagsubok sa kanyang sarili. Ipinapayo sa mga kababaehang makipagkitang madalas sa doktor na dalubhasa para sa mga sakit ng babae. Kadalasang ang babae ay maaaring humiling ng babaeng doktor na titingin sa kanya.

Pagpigil ng pagbuntis

Sa pagpigil ng pagbuntis matapos magsiping ay itinuturing na kontraseptibong-huli. Ito ay ginagamit lamang, kung ang ginagamit na kontraseptibo ay hindi nagamit o sa gahasa. Lampas sa ika-15 taong gulang ay makakakuha ng tabletang kontraseptibong-

Ang pagpili ng apelyido makakaapekto din sa apelyido ng anak

PAGPIPILIAN 1	Ang mag-asawa ay gumamit ng iisang apelyido ng lalaki o babae. Ang kabiyak na magpapalit ng apelyido ay maaaring gawing kumbinasyong pangalan sa luma at bagong apelyido.	Sa pangyayaring ito ang mga anak ay gagamitin ang apelyido ng magulang.
PAGPIPILIAN 2	Ang mag-asawa ay pareho nilang magagamit ang kanilang sariling apelyido.	Sa pangyayaring ito ang mga magulang ay maaaring pumiling gamitin ng mga anak ang apelyido ng ama o ina. Ang lahat na magkakapatid ay kailangang pareho ang apelyido.

huli sa parmasya na walang deskripsiyon. Sa Finland ang pagpalaglag ng sanggol o aborsiyon ay isinasagawa, kung may dahilan. Ang hindi pagpatuloy ng pagbubuntis ay maaaring mangyari, kung ang panganganak ay mapanganib sa kalusugan ng babae o kung ang pagbubuntis at panganganak ay magiging hirap sa kanya.

Kung gugustuhin ang babae ay maaaring magpalaglag palagi, kung siya ay wala pa sa gulang na 17 o lampas sa gulang na 40. Sa mga panlipunang pangyayaring binabatayan, ang paghinto ng pagbubuntis ay isasagawa sa unang ika-12 ng linggong pagbubuntis. Ang aborsiyon ay isasagawa na may pahintulot sa babae. Kung iniisip ang aborsiyon, kumunsulta kaagad sa doktor.

Tulong sa panahon ng pagbubuntis

Ang nagdadalantao ay kailangang pumunta sa pangkalusugang pambayan. Para sa kalusugan ng ina at ng sanggol ay may libreng serbisyo ng doktor at tulong para sa paghanda sa panganganak sa klinikang pang-ina at pambata.

Ang nagdadalantao ay kailangang pumunta sa klinikang pang-ina at pambata o sa doktor bago matapos ang ika-4 ng buwang pagbubuntis. Ang maagang nagpakunsultang mga ina ang may karapatang makakuha ng tulong pang-ina.

Sa madalas na pagpunta sa klinikang pang-ina at pambata ay masusundan ang kalusugan ng ina at bata sa panahon ng pagbubuntis.

Ang ama rin ay maaaring sumama sa klinikang pang-ina at pambata, na kung saan sila ay mabibigyan ng paghahanda sa darating na panganganak.

Dito sa Finland ay sa ospital nanganganak. Ang mga ama ay maaaring sumali sa panganganak. Maraming mga amang gustong magbigay ng suporta sa mga ina sa pamamagitan ng pagsali sa panganganak.

Unang-bahay

Ang hindi inaasahang pagbuntis at panganak ay nakapagbibigay ng hirap, lalo na kung ang ina ng anak ay bata pa o, kung ang ina at ama ng anak ay hindi kasal o ang isa sa kanila ay ayaw mag-asawa. Sa ganitong pagkakataon ang buntis na ina o ina at anak ay maaaring pumunta sa unang- bahay. Kung kinakailangan, ang ama rin ay maaaring tumira sa unang-bahay.

Karaniwang ang ina at anak ay nakatira sa unang-bahay sa loob ng kalahating taon. Sa unang-bahay ay itututuro ang pagiging ina at mga bagay sa pag-alaga ng bata. Tuturuan din doong maging magulang. Kung gustong malaman ang tungkol sa mga unang-bahay ay makipag-alam sa tanggapan ng sosyal at sa klinikang pang-ina at pambata.

Pagkatapos manganak pang-ina- at pang-amang bakasyon

Pagkatapos manganak ang magulang ng bata ayon sa batas ay may karapatan ng pampamilyang bakasyon. Ang mga ito ay ay para sa ina, pang-inang bakasyon at sa ama ay pang-amang bakasyon. Ang ina at ama ay maaaring kumuha ng isa pang bakasyon at ituloy ang pang-inang bakasyon.

Ayon sa batas ang ina ay may karapatan sa pang-inang bakasyon sa loob ng 105 na araw. Sa pang-inang bakasyon katulad din ng pang-ama at magulang na bakasyon ay babayaran. Ang bahagi ng pang-inang bakasyon ay gagamitin bago manganak at pagkatapos. Ang may karapatang kumuha ng pang-inang bakasyon ay dapat na tumira sa Finland ng humigit-kumulang na 180 araw bago manganak at ang pagbubuntis ay tumagal ng 154 araw.

Tungkol sa pang-ina, pang-ama at magulang na bakasyon ay makipag-alam sa klinikang pang-ina at pambata at sa Kela na malapit sa inyo.

Para sa kabutihan ng bata

Ang Finland ay nangako sa NB (Nagkakaisang Bansa) sa kasunduan sa karapatan ng kabataan. Ayon sa kasunduan ang bata ay may karapatan sa proteksiyon at pagkalinga, sapat na bahaging kayamanan ng lipunan at sumali sa kasinggulang at kapantay ng kanyang pang-unawa sa pagawa ng pasiya para sa kanya sa abot ng kanyang makakaya.

Ang batang babae at lalaki sa Finland ay may parehong karapatan. Sa batas ng Finland ay ipinagbabawal ang pagpalo o iba pang uri ng pananakit na pangatawan na disiplina sa bata.

Ang lipunan ay kasali sa pangkalusugang pangangalaga sa bata kasama ang mga magulang. Mula sa kapanganakan hanggang sa kanyang ika pitong taong gulang, ang kanyang kabutihan at kalusugan ay nasusubaybayan sa klinikang pang-ina at pambata.

Doon ay nasusubaybayan ang kalusugan ng bata kadalasan. Sa klinika ng pang-ina at pambata ay isinasagawa rin ang pagbakuna at pag-alaga, pagpalaki at mga bagay ng pagiging magulang.

Ang kalusugan ng mga batang nag-aaral ay sinusubaybayan ng nars, doktor at dentista sa eskuwelahan kasama na rin ang kanilang mga magulang.

Pangpinansiyal na suporta sa pamilyang may bata

Matutulungan ang pamilyang may bata sa kanilang ikabubuhay sa pamamagitan ng iba´t-ibang tulong na pinansiyal. Ang ibang mga benepisyo ay para sa lahat na naninirahan sa Finland. Ang ibang suporta ay nangangailangan ng tagal ng pagtira sa Finland.

Sa tanggapan ng Kela ay malalaman ang iba pang uri ng suporta para sa pamilyang may bata. Doon din kailangang mag-aplay ng suportang kailangan. Makipag-alam din sa klinikang pang-ina at pambata sa malapit sa tirahan mo, kung kailan dapat kumuha ng suporta.

Pag-alaga ng bata

Ang mga batang hindi pa nag-aaral ay kung kinakailangan ay maaaring dalhin sa alagaan sa labas ng bahay sa pang-araw na alagaan o sa pamilyang pang-araw na alagaan. Sa pang-araw na alagaan ay may mga magagaling na nagtatrabaho at ganoon din sa pamilyang pang-araw na alagaan. Ang pampubliko at pampribadong pang-araw na alagaan ay tumutulong para maging mahusay at maayos ang paglaki ng bata. Sa tulong ng pang-araw na alagaan, ang mga ina´t ama ay maaari nang magsanay o magtrabaho sa labas ng bahay.

Ang bayad sa pag-alaga ay binabatay sa tinatanggap na sahod ng pamilya. Sa pamilyang may maliit ang sahod ang pag-alaga ay walang bayad. Alamin ang tungkol sa pang-araw na alagaan na malapit sa iyo. Tungkol sa mga suporta sa pag-alaga ng bata ay magtanong sa Kela sa nalalapit na tanggapan.

Ang ina o ama ay maaaring hindi magtrabaho upang mag-alaga ng anak, sa panahon ng kanilang bakasyon upang mag-alaga na walang sahod. Makakatanggap sila ng pinansiyal na suporta hanggang ang bata ay umabot sa 3 taong gulang.

Karapatang mag-aral ang batang babae´t lalaki

Sa Finland ang batang babae´t lalaki ay may parehong karapatan na makapag-aral. Lahat na batang nananatiling naninirahang sa Finland ay tungkuling mag-aral. Pati na rin ang mga dayuhang bata ay kailangang

makatapos ng ika-9 na baytang sa eskuwelahan.

Bago pumasok sa unang baytang ang bata ay maaaring sumali muna sa paunang-turo na isinasagawa sa pang-araw na alagaan o sa eskuwelahan. Ang bata ay magsisimula ng kanyang unang baytang sa gulang na 7 taon.

Ang mga aralin, bagay na gagamitin sa eskuwela, pagkain at bagay sa pangangalaga ng kalusugan ay walang bayad. Kung gustong malaman ang tungkol sa eskuwela ay magtanong sa paaralang malapit sa iyo o sa tanggapan ng edukasyon.

Pagkatapos ng siyam na taong pag-aaral ay maaaring magpatuloy pa ng ilang taon o sa pambokasyonal na paaralan. Pagkatapos nito ay maaaring magpatuloy sa mataas na paaralan, mataas na paaralang pampropesyon o sa unibersidad.

Mahalaga sa bata ang isang matatag na wika

Ang kultura ay mahalaga sa bata. Ang magulang ay nararapat turuan at suportahan ang anak, kausapin ang anak sa sariling inang-wika upang maipakilala ang kanyang kultura. Ang wika´t kultura ng Finland ay matututunan ng bata sa labas ng bahay sa pang-araw na alagaan at sa eskuwelahan.

➤ Pang-ekonomiyang suporta sa pamilyang may anak

- Ang pang-inang tulong ay para sa inang nakatira sa Finland na nakapagpatingin sa pangkalusugang pambayan sa klinikang pang-ina o sa doktor bago matapos ang ika-apat na buwang pagbubuntis. Maaaring kunin ang tulong sa pera o sa pakete. Ang pakete ay may lamang mga damit at gamit ng sanggol.
- Ang sustento sa magulang ay ibabayad sa magulang na, siyang nag-alaga ng bata sa bahay sa loob ng sampung unang buwan ng sanggol. Ang pang-araw-araw na panggastos ay binubuo ng pang-ina, pang-ama at sustento sa magulang. Ang halaga ng tulong ay binabatay sa laki ng sahod. Ang magulang na hindi nakapag trabaho ay maliit ang matatanggap.
- Matutulungan din ang pamilyang may anak sa pamamagitan ng sustento sa anak, na babayaran buwan-buwan sa lahat na mga bata sa gulang na 17 pababa at nananatiling nakatira sa Finland.

➤ Kailan ang bata magiging mamamayan ng Finland

Magigiging mamamayan ng Finland ang bata, kung ang

- ina ng bata ay mamamayan ng Finland sa panahong manganak
- ama ng bata ay mamamayan ng Finland at kasal sa asawang dayuhang ina ng bata
- ama ng bata ay patay na, namatay na mamamayan ng Finland at kasal sa ina ng bata
- bata ay ipinanganak sa Finland at hindi naging mamamayan ng ibang bansa noong siya ay isilang.

➤ Ang pagtuli sa kababaehan ay labag sa batas

Ang pagtuli sa batang babae at kababaehan sa kanilang henetal dahil sa relihiyon o iba pang dahilan ay labag sa batas. Ang parusa ay pagkakulong ng maraming taon.

➤ Ang pagtuli sa lalaki

Ang pagtuli sa lalaki ay hindi bawal sa Finland. Ngunit, ito ay kailangang isagawa kung saan may sapat na kaalaman sa paggamot, kalinisan at sa pagpawi ng sakit.

Tulong sa pamilya at kabataan sa kanilang suliranin

Sa Finland ay may mga ibinibigay na tulong para sa suliranin sa sarili o ng pamilya. Ang paggamit sa pampublikong serbisyo ay libre at mapagkakatiwalaan.

Sa maraming pagkakataon ang sariling lakas at paraan ay hindi sapat sa asawa, anak, sa sarili o sa iba para malutas ang suliranin. Lalong mahirap ang kalagayan kung hindi malutas ang suliranin. Dahil dito, kailangang humingi agad ng tulong. Humingi ng tulong sa mga organisasyon sa sarili o sa ibang grupo ng dayuhan at iba pang sanbayanan.

Hirap at gulo sa buhay ng tao at sa pamilya

Ang pampamilyang klinika ay tumutulong sa paglutas ng mga suliranin sa relasyon, sa buhay-pamilya at sa pagpalaki ng bata. Ang pampublikong tulong sa paglutas ng gulo ay libre at mapagkakatiwalaan.

Ang pakikipagbagay sa bagong bayan at kultura ay mahirap. Gayundin sa mga hirap na dinanas sa iniwanang bayan, sa mga naiwang magulang, kapatid at sa iba pang kapamilya. Kung minsan ito ang mga nagiging sanhi ng labis na pag-aalala, lungkot at lumbay. Dahil dito, kailangang makipag-alam sa serbisyong pampublikong may kaugnay sa kalusugan ng isipan. Mabibigyan ka ng alaga at payo tungkol sa mga bagay na ito.

SOS-sentro ng krisis ay nagbibigay tulong sa mga dayuhan at sa kanilang pamilyang nakatira sa Finland. Sa Helsinki, ay may tulong pangkalooban at suporta sa panahon ng kagipitan. Sa Turku ay nagbibigay rin ng tulong para sa mga dayuhan.

Ang biktima ng tortyur sa mga refugee/takas at kanilang kakilala ay matutulungan sa Sentrong pagpagaling sa biktima ng pananakit sa Helsinki. Dito ay tinatanggap nila ang mga taong ipinadala ng pangkalusugang pampubliko o pribadong doktor. Doon din sa Oulu ay may parehong serbisyong ibinibigay.

Makialam sa suliranin ng mga bata at kabataan

Ang mga bata at kabataan ay madaling makibagay sa bagong kultura. Nakukuha nila ang bagong mga gawi mula sa mga kaibigan at sa eskuwelahan, ito ay mahirap sa mga magulang unawain.

Ang paggamit at pakikipagbagay ng bagong kultura ng kabataan sa sariling kultura ay maaaring lumikha ng gulo sa pamilya.

Sa labas ng bahay o sa eskuwelahan ang mga bata at kabataan ay maaaring makaranas ng pang-aapi. Maaaring mahirapan din ang bata sa kanyang pag-aaral.

Kailangang makialam agad kahit sa maliit na suliranin. Makipag-alam sa mga guro o sa pang-araw na alagaan at sa mga namamasukan doon. Maaaring lumaki ang suliranin, kung pababayaan. Humingi ng tulong sa malapit na tirahan sa klinikang pang-ina at sa tanggapan ng pang-isipang kalusugan.

Isumbong sa polisiya ang pananakit sa asawa at sa anak

Ang pananakit sa asawa at sa anak ay bayolente sa pamilya. Ito ay hindi matatapos, kundi magiging malala. Ang kultura ay hindi dapat maging dahilan ng pagiging bayolente. Ang bayolente sa pamilya ay krimen ayon sa batas ng Finland.

Magsumbong sa polis at magpatingin sa doktor kung maging biktima ng bayolente.

Ang uri ng bayolente sa asawa o sa anak ay maaaring pangangatawan, pangkalooban, pangpinansiyal o seksuwal. Ang parusang pangangatawan sa bata ay bawal sa batas ng Finland.

May mga bahay-kanlungan na maaaring puntahan sa mga malalaking lungsod o sa ibang pook. Meron ding tulong sa tanggapan ng sosyal, sentrong pangkalusugan, tanggapan ng pangkalusugan sa isipan at klinikang pampamilya. Ang bayolente ay maaari ding ipagbigay-alam sa pang-ina at pambatang klinika. Sila ay may karapatang tumulong.

Kailangan din ng tulong ang may kagagawan ng bayolente. Humingi ng tulong sa malapit na tirahan na mga awtoridad at sa mga taong dalubhasang may karanasang tumulong sa bayolente, upang maputol at mahinto ang pagiging bayolente.

Mga bahay-kanlungan para sa biktima ng bayolente sa pamilya

Humingi ng tulong sa bahay-kanlungan, kung maging biktima ng bayolente sa bahay. Sa panahon ng krisis at sa emerhensiya ay pumunta kaagad sa bahay-kanlungan. Maaaring tawagan sila o tumawag sa tanggapan ng sosyal.

Sa bahay-kanlungan ay maaaring tumira na pansamantala ang magulang at anak, kung mahirap tumira at mapanganib sa bahay dahil sa bayolente, pambabanta o pananakot.

Sa tulong ng mga namamasukan sa bahay-kanlungan ay maaaring pag-isipan ang mga paraan at kalutasan sa suliranin upang maputol ang bayolente. Ang kliyente ang magpapasiya sa magiging kalutasan nito. Ang mga bahay-kanlungan at mga telepono nila ay bukas gabi´t araw. Sa mga lungsod ay merong mga bahay na maaaring tirahan sa panahon ng kagipitan.

Gahasa ay bawal din sa mag-asawa

Sa batas ng Finland ang gahasa ay krimen. Pati na rin ang paggahasa sa asawa ay krimen. Magsumbong sa polisiya at magpatingin sa doktor agad pagkatapos na magawa ang krimen.

Hindi kasalanan ng biktima ang gahasa at huwag itong ikahiya. Ang biktima ay maaaring humingi ng tulong sa sa suliraning naging likha ng gahasa mula sa pamahalaan sa malapit na tirahan. Sa Helsinki lang ang may serbisyo para sa mga kababaehan (Tukinainen).

Dahilan ng diborsiyo ay hindi kailangan ng awtoridad

Ang pag-aasawa ay kusang-loob na kasunduan. Maaaring huwag ipatuloy. Pag-isipan ang diborsiyo, kung mahirap magsama. Sa Finland ay makakakuha ng diborsiyo, kahit ayaw ng kabiyak. Ang dahilan at uri ng relasyon ng mag-asawa ay hindi inaalam ng awtoridad. Ang babae´t lalaki ay pareho ang kalagayan sa gagawing pasiya para sa mga anak.

Kahit sino sa mag-asawa ay maaaring kumuha ng diborsiyo. Ito ay isasagawa sa hukumang malapit sa tirahan. Sa bayan ng tanggapan ng hustisyang pampubliko ay may mananaggol na tutulong sa pagkuha ng diborsiyo at sa mga katanungang may kinalaman dito. Sa diborsiyo ay bibigyan ng pasiya ang paghati ng bahay at iba pang ari-arian. Kung ang pamilya ay may anak, ang pag-aalaga sa kanila ay pagpapasiyahan din.

Pag-alaga ng bata sa diborsiyo

Ang gawain ng mag-aalaga ng bata ay para sa kabutihan at wastong pagpalaki sa bata. Ang mag-aalaga ay may karapatang mag-alaga at magpasiya sa mga bagay na para sa bata.

Kung kailangan ang mag-aalaga ay siyang mangangatawan para sa bata sa panahon ng paglilitis at sa harap ng awtoridad. Ang mag-aalaga lang ang may karapatang ilagay ang bata sa kanyang pasaporte.

Sa diborsiyo ang mag-aalaga ng bata ay hindi agad pinapasiyahan. Ang ina at ama ng bata ay may parehong karapatang mag-alaga. Maaaring sila ay magkasundo na silang dalawa ang mag-aalaga.

Kung maaari, ang magulang ay magkasundo sa pag-alaga ng bata at sa tirahan nito. Ang magiging pasiya nila ay patibayan ng panlipunang tanggapang sosyal.

Kung hindi magkakasundo sa pag-alaga ng bata, ang magpapasiya ay ang hukuman. Ang magiging pasiya ay maaaring hindi ayon sa kapakanan ng bata na sa mangyayaring pagsiyasat ng panlipunang tanggapang sosyal sa kalagayan ng magulang.

Ang paghihiwalay ng magulang ay mahirap din para sa mga bata, kahit meron siyang karapatan sa pagmamahal at kalinga mula sa kapuwa magulang kahit sila ay hiwalay na.

Ang magulang na parehong mag-aalaga ay kailangang magkaisa, kahit na hindi nagkakaunawaan. Kung hindi sila magkaisa at may pagkukulang, ang kasunduan ay maaaring baguhin at ibibigay ang karapatan sa pag-alaga ng bata sa isang magulang.

Pakikipagkita ng bata at sustento

Ang bata ay may karapatang panatilihin ang malapit at matiwasay na relasyon sa ina´t ama. Tinitiyak ng kapuwa magulang na makitang madalas ng bata ang isa sa magulang na hindi niya tinitirahan. Karapatan ng bata ang makita ang isa sa magulang at hindi dapat tanggihan ng dating kabiyak.

Kapuwa magulang ng bata ay may obligasyong buhayin at alagaan ang anak. Kung ang magulang ay hiwalay, ang anak ay may karapatang makakuha ng sustento sa magulang na hindi niya tinitirhan.

Ang halaga ng sustento ay pinatitibayan ng kasunduan sa tanggapan ng tagabantay ng bata o sa pasiya ng hukuman. Kung hindi mababayaran ang sustento, ang bata ay may karapatang makatanggap ng sustento mula sa bayan na tinitirahan. Ang kalagayan ng bata sa diborsiyo ay ipinagbibigay-alam ng tanggapan ng tagabantay ng bata at mga awtoridad.

Paghati ng ari-arian sa diborsiyo

Sa diborsiyo ang paghati ng ari-arian ay nababatay sa uri ng batas ng bayang susundin. Kung ang batas dito ang susundin, hahatiing patas ang lahat na ari-arian sa mag-asawa.

Ang mag-asawa ay maaaring magkasundo sa paghati ng ari-arian. Kung hindi sila magkakasundo, ang hukuman ay mag-aatas ng abogado para lutasin ito.

Sa kasunduan-bago-ikasal (prenuptial agreement) ay maaaring mahati ang ari-arian, ngunit hindi pantay. Ang mag-asawa ay gagawa ng kasunduan bago ang kasal o sa panahon ng kasal. Sa kasunduan ito ay ilalahad ang mga bagay na maaaring makuha ng kabiyak kung maghihiwalay. Ilalahad din ang mahahating ari-arian, kung ang isa sa kanila ay mamatay.

Ang kasunduan ay gagawin sa kasulatan. Humingi ng tulong sa paggawa nito sa tanggapan ng hustisyang pampubliko o sa abogado. Ang kasunduan-bago-ikasal ay ipaparehistro sa lungsod na tinitirhan sa hukuman.

➤ Karaniwang mga uri ng bayolente

- Ang pangkatawang bayolente halimbawa ay hampas, palo, tulak, sipa at sakal.
- Ang pang-isipang bayolente ay blakmeil, banta, bintang, mababang turing, pananakop, pananakot at pagbawal o limitasyon ng relasyon sa kaibigan at sa kapamilya.
- Pangpinansiyal na bayolente ay ang hindi pagpayag sa kabiyak na magtrabaho o mamuhay ng walang pera.
- Ang seksuwal na bayolente ay seksuwal na paggalaw sa kapuwa na labag sa kalooban, pamimilit makipagsiping o panggagahasa.

➤ Ang epekto ng paghihiwalay sa pahintulot-manirahan

1. Ang paghihiwalay ay walang epekto sa may pahintulot-manirahan.
2. Sa pagpatuloy o kanselasyon ng pansamantalang pahintulot-manirahan ay binabatay sa bawa´t pangyayari.
3. Ang awtoridad ay hindi ikakansel ang pahintulot-manirahan o hindi bibigay ng negatibong sagot sa bagong aplikasyon ng dayuhan sa hiling ng dating asawa.
4. Kung ang pagsasama ay natapos kahit na siya ay dayuhan halimbawa sa pagiging bayolente ng asawa, ang pahintulot-manirahan ay maaaring ibigay batay sa pangyayaring naganap. Binabatayan din ang mga naunang krimen na naisumbong at patunay mula sa doktor, ito ay nagpapatunay na mga dahilan ng suliranin at paghihiwalay.
5. Sa dayuhan na may pansamantalang pahintulot tumira dahil sa pamilya, siya ay maaaring bigyan ulit ng bagong pahintulot-manirahan kahit na maghiwalay, kung siya ay merong matibay na dahilan upang tumira sa Finland. Kung ang dayuhan ay buntis o may anak sa Finland, may trabaho o nag-aaral, ang pahintulot ay maaaring ibigay kahit siya ay maghiwalay.

Ang diborsiyo ay iaaplay sa hukuman

PAGPIPILIAN 1	Ang mag-asawa ay sabay mag-aaplay o isa sa kanila ang mag-aaplay ng diborsiyo sa korteng distrikto.	Sa pangyayaring ito ang magkabiyak ay maghihintay ng kalahating taon ibig sabihin **pinag-iisipang-panahon**.	Ang diborsiyo ay maaaring ipagkaloob, kung sa tagal na kalahating taon ang mag-asawa ay parehong maghahangad o isa sa kanila ay maghangad ng diborsiyo sa panibagong aplikasyon sa korteng distrikto.
PAGPIPILIAN 2	Ang mag-asawa ay magkahiwalay ang tirahan sa loob ng huling dalawang taon.	Sa pangyayaring ito ang mag-asawa ay parehong aaplay o isa sa kanila ang aaplay ng diborsiyo sa korteng distrikto.	Ang diborsiyo ay ipagkakaloob kaagad.

➤ Proteksiyon na bawal-lumapit

Ang ibig sabihin nito ay mabibigyan ng proteksiyon ang buhay, kalusugan at kalayaan o katahimikan ng tao sa pamamagitan na bawalan ang taong pinagbabawalang lapitan o kontakin siya. Mula sa mga awtoridad kukunin ang aplikasyon sa bawal-lumapit. Kahit na walang nagawang bayolente ay maaaring mag-aplay nito.

Maaaring kumuha ng bawal-lumapit halimbawa kung ang kapamilya, dating kabiyak o kinakasama ay nagbabanta. Gayundin sa taong kasamang nakatira sa bahay, ang taong pinagbabawalang lumapit ay papaalisin sa inyong bahay.

➤ Pampublikong serbisyo sa pangkalusugan sa isipan ay tumutulong

Ang depresyon ay may maraming palatandaan. Halimbawa pagod, hirap sa pagtulog, galit, walang kakayahang gumawa. Ang iba pang palatandaan ay maaaring pangkatawang kirot at sakit na mahirap ipaliwanag. Sa serbisyong dulot ng pangkalusugang-isipan ay matutulungan ang depresyon.

➤ Ano ang gagawin pagkatapos ng pananakit o gahasa

- Isulat para matandaan ang mga pangalan at impormasyon ng saksi
- Magsumbong sa polisiya
- Magpatingin sa doktor at kumuha ng patunay sa natamong pinsala
- Pagkatapos ng gahasa ay huwag kang maligo o magpalit ng damit

Sa diborsiyo ay pagkakasunduan ang mga bagay tungkol sa mga anak

PAGPIPILIAN 1

PAREHONG MAG-AALAGA

Sa parehong mag-aalaga ang magulang ay ang magpapalaki sa anak at magkakasundo sa mga bagay tungkol sa anak kahit sa pagkatapos ng diborsiyo. Karaniwang ang tinitirahang magulang ang magpapasiya sa maraming bagay sa

- tirahan ng anak sa paglipat (lalo na sa ibang bansa)
- pagkuha ng Finnish na pasaporte
- pangkalusugang pangangalaga
- pagbago ng pangalan at relihiyon
- eskuwela
- paggamit ng perang pag-aari ng bata

PAGPIPILIAN 2

PAREHONG MAG-AALAGA

Ang mag-aalaga ng anak, ibig sabihin ay isa sa magulang ang mag-isang mag-aalaga ng anak at mag-isa ring gagawa ng mga desisyong nauukol sa anak.

Edukasyon at buhay-trabaho

Ang pagtapos sa pag-aral ng wikang finnish at swedish ay makakatulong na makakuha ng trabaho. Ang unang ika-9 na baytang sa paaralan ay walang bayad. Gayundin sa mataas/pinakamataas hanggang sa unibersidad. Ngunit, ikaw ang magbabayad ng mga gagamiting aklat at pagkain. Ang babae´t lalaki ay may parehong karapatang mag-aral.

Pagsasanay para sa nga dayuhan

Kadalasan sa distriktong tirahan ay may mga paunang-pagsasanay na inihahanda para sa mga dayuhan. Sa pagsasanay ay pag-aaralan ang wikang finnish at swedish, pagbatid sa lipunan, bibigyan ng pagsasanay sa trabaho at kaalaman sa buhay-trabaho ng karaniwang mamamayan.

Sa paunang-pagsasanay ay maraming paaralan ang nakahanda sa mga dayuhan sa pagsanay sa wikang finnish at swedish. Kung marunong sa wika at pakikipagbagay sa mga tao sa pamamagitan ng pagsali sa libangan o sa organisasyon ay makakatulong sa maayos na pagtira.

Sa pagplano ng pagsasanay ay binabatayan ang mga natapos na pinag-aralan at karanasan sa trabaho sa ibang bansa. Sa pagpatuloy ng pag-aaral dito sa Finland at sa pagkilala ng mga natapos na digri, makipag-alam sa Pamahalaan ng Pagtuturo at sa mga paaralan.

Pagpipiliang pag-aaralan ng may gulang

Ang mga may gulang na dayuhang lalake´t babae na lumipat ng tirahan sa Finland ay maaaring magtapos ng mababa at mataas na pag-aaral. Sa paaralang-may-gulang (aikuislukio) o sa paaralang pangmamamayan (kansanopisto) ay maaaring mag-aral at magtrabaho. Ang dayuhan ay maaaring kumuha ng propesyon o magpatuloy sa nahinto na pinag-aaralan sa pangpropesyonal na paaralan sa sentro ng paaralang-may-gulang.

Maaaring magtapos sa pamamagitan ng trabaho-aral na kasunduan. Sa pamamagitan nito ay maisasabay ang pagtrabaho at pag-aaral. Makakatanggap ng sahod sa trabaho.

Sa mga walang trabaho na naghahanap ng trabaho ay may iba´t-ibang tagal na pagsasanay mula sa tanggapan ng mangagawa.

Karaniwan sa Finland ay maaaring magtrabaho ang lalake´t babae sa isang pinapasukan. Ang babae´t lalaki ay pareho ng trabaho. Pareho sila ng karapatan, obligasyon at posibilidad. Ang batas ng Finland ay ipinagbabawal ang pagdeskrimina sa trabaho halimbawa dahil sa kasarian, kulay ng balat o sa relihiyon.

Ang tanggapan ng trabaho-at paraang ikabubuhay ay tumutulong sa paghanap ng trabaho

Ang tanggapan ng trabaho-at paraang ikabubuhay ay tumutulong sa paghanap ng trabaho. Pumunta sa tanggapan agad pagdating sa Finland. Hindi makakatanggap

ng pinansiyal na tulong kung hindi pumunta doon sa malapit sa distriktong tirahan. Maliban sa paghanap ng trabaho, may posibilidad ding makatagpo ng pagsasanayan at pag-aaralan. Maging aktibo sa paghanap ng trabaho, tawagan ang mga taong naghahanap ng trabahante.

Mahalagang libangan

Sa pagsali sa mga libangan ay madaling makilala ang mga mamamayan at matuto ng wika. Sa Finland ay maraming paraan upang maglibang at sumali halimbawa sa boluntaryong mga gawa o organisasyon.

Sa sariling organisasyon at sa mga pook na nagkikita ang mga dayuhan ay maaaring mamahala ng sariling kultura at makatagpo ng bagong mga kakilala.Ang boluntaryo at trabaho sa organisasyon ay maaaring mapaunlad ang sariling kaalaman at karunungan. Ito ay magiging tulong sa paghanap ng trabaho bandang huli. Alamin sa tanggapan ng kultura at libangan, organisayon, sa lokal na basahin, kung saan maaaring sumali sa mga libangan.

Tulong sa pinansiyal na hirap

Karaniwang ang babae´t lalaki ay binubuhay nila ang kanilang sarili at pamilya sa pagtrabaho. Ang lipunan ng Finland ay inaasikaso rin ang mga walang trabaho, matatanda, taong may kapansanan at may sakit sa pamamagitan ng sustento sa ikabubuhay. Sa mga buwis kinukuha ang perang ito. Ang proteksiyong sosyal ay binabatayan ang pagtira sa Finland. Maliban sa di-pangkaraniwang pangyayari ang lahat na panatilihang naninirahan sa Finland ay may karapatang makakuha ng benepisyo sa KELA.

Ang sustentong ikabubuhay ay huling tulong na pinansiyal. Ang tao ay may karapatan sa sustento, kung hindi sapat ang kanyang nakukuhang pera sa ibang paraan o sahod. Ang halaga ng sustento ay binabatay sa laki ng sahod at sa perang natatanggap. Ang tanggapan ng sosyal ang nagbibigay pahintulot na mabigyan ng sustento.

Diskriminasyon at pagtanggal sa trabaho ay bawal dahil sa pagbuntis o bakasyong-pampamilya

Ayon sa batas ng Finland ang kompanya ay hindi magpipilit at idiskrimina ang tao dahil sa pagbubuntis o sa bakasyong-pampamilya. Ang bakasyong-pampamilya ay pang-ina/ama/magulang at pag-alaga na mga bakasyon. Hindi rin nila matatanggal sa trabaho o lilimitahin ang kasunduan ng trabahante. Pagkatapos ng bakasyong-pampamilya ang trabahante ay may karapatang bumalik sa naiwang trabaho.

Kaligtasan sa trabaho ay binabantayan

Ang gawain ng walong tagapagbantay ng kaligtasan ng mga manggagawa sa Finland ay ang pagbantay at paggawa ng ligtas, malusog at matiwasay na lugar na pagtatrabahunan.

Pinansiyal na tulong sa nag-aaral

Sa mga taong ang pinag-aaralan na makakuha ng propesyon ay maaaring kumuha ng sustento sa pag-aaral at paninirahan, upang sila ay makapag-aral na lubos. Ang sustento sa pag-aaral ay maaaring makuha rin ng mga dayuhang nananatiling nakatira sa Finland, takas/refugees at mga pamilya nila at balikbayan. Alamin sa tanggapan ng KELA tungkol sa sustento sa pag-aaral at paninirahan. Ang estudyante ay maaaring umutang para sa pag-aaral.

Kasulatang kasunduan at pagkakaisa ng manggagawa

Bago magsimula ng trabaho ay may kasulatang kasunduan ang manggagawa at ang kompanya. Bukod sa sahod ay pag-uusapan din ang panahon ng pagtrabaho. Ang manggagawa ay maaaring makisapi sa grupo ng manggagawa na makakapagbigay payo tungkol sa sahod, oras ng trabaho at iba pang mga bagay. Humingi ng tulong halimbawa sa iyong mga kasamahan sa trabaho tungkol sa kasapi sa sariling propesyon. Karaniwan sa Finland ang pagsapi sa organisasyon ng manggagawa.

Ang sahod na natanggap ng babae´t lalaki ay pag-aari na sarili nila. Karaniwang ipinapaalam ng manggagawa ang kanyang bangko, kung saan ang sahod ay binabayaran. Magbukas ng account sa bangko, sa pagbukas nito ay kailangan mo ang balidong pasaporte o katunayan.

Buwis na kinakaltas sa sahod

Lahat ng manggagawang nakatira sa Finland ay nagbabayad ng buwis sa bayan at sa lungsod. Malaki ang binabayarang buwis ng may malaking sahod kaysa maliit. Ang tinatrabahunan ang mag-aasikaso ng pagbayad ng buwis ng manggagawa sa pamamagitan ng buwis-kard. Ibibigay ng trabahante ang buwis-kard sa tinatrabahunan sa simula ng trabaho. Makukuha ang buwis-kard sa tanggapan ng buwis sa lungsod.

Tuntuning nasa kasunduang susundin ng tinatrabahunan

Ayon sa batas ng Finland ang tinatrabahunan ay susunod sa tuntunin na may kaugnayan sa sahod, mga naipong bakasyong may bayad at mga oras ng trabaho.

➤ Planong integrasyon nakakatulong sa paghanap ng trabaho at ikabubuhay

Kung ang taong lumipat sa Finland ay walang trabaho o di nag-aaral o nakakatanggap ng sustento sa ikabubuhay, maaaring gawan siya ng planong-integrasyon sa tanggapan ng trabaho- at paraang ikabubuhay o sa tanggapan ng sosyal. Sa ganitong paraan ay matutulungan ang dayuhang makakuha ng trabaho at maintegra sa lipunan. Kadalasan ang plano ay naglalaman ng pag-aral ng wika, pangpropesyong pagsasanay at pagsasanay sa trabaho. Habang ang dayuhan ay sumusunod sa planong-integrasyon siya ay makakatanggap ng tulong.

➤ Pahintulot-trabaho kailangan sa pagtrabaho

Ang dayuhan ay kailangan sa maraming dahilan sa paglipat sa Finland ay pahintulot sa pagtrabaho. Ang Serbisyong Imigrasyon ay nagbibigay ng pahintulot sa pagtrabaho.

➤ Sa pamamagitan ng pagtrabaho ay mapapabuti ang pensiyon

Ang sahod na natatanganggap ay makakaepekto sa pang-ekonomiya at sa pagretiro. Ang karaniwang pagretiro sa Finland ay 65 taon. Ang laki ng sahod ay nakakaepekto sa buwan-buwang pagbayad ng pensiyon.

➤ Mag-ingat sa pagpirma sa kasunduan

Bago pipirma sa kasulatang kasunduan ay kailangang maunawaan ang nilalaman nito. Ito ay sumasaklaw sa trabaho at iba pang kasunduan. Ang kasulatang kasunduan ay matatag. Kung hindi sapat ang pag-unawa sa wika, gumamit ng tagasalin ng salita. Kung walang katuwiran ang kasunduan, ayon sa batas ng Finland ay maaaring ipawalang-bisa sa hukuman.

➤ Tulong sa pagharap sa hukuman

Nagbibigay ng tulong sa lahat ng bagay na sibil sa Finland sa estado na tanggapan ng legal-tulong, mga abugado at iba pang mga mananganggol. Ang mga walang ibabayad ay makakakuha ng libreng tulong mula sa estado na tanggapan ng legal-tulong.

Ang pagkalakal-tao

Ang pagkalakal ng tao sa Finland ay malubhang pagkakasalang krimen.

Ang biktima ng pagkalakal ng tao ay maaaring babae, lalaki o bata. Sa pagkalakal ng tao ang biktima ay pinagsamantalahan seksuwal at/o pinansiyal. Kadalasang ang dahilan ay utang na gustong bayaran ng biktima sa pamamagitan ng trabaho o prostitusyon.

Ang namamahala nito ay kinokontrol ang biktima halimbawa sa pagbawal pagkilos, pambabanta, ipagdiinan o gamitin ang kaisipan at/o katawan sa pananakit. Binabantaan din ang pamilya ng biktima.

Kadalasang ang pagkalakal ng tao ay gawa ng grupo ng mga kriminal. Sa krimeng ito ay maaaring kasangkot din ang kapamilya at kakilala ng biktima. Ang biktima ng pagkalakal ng tao ay may karapatang mabigyan ng tulong na ibinibigay ng sistema: paninirahan, tulong ikabubuhay, serbisyong sosyal-kalusugan, payo sa katarungan at legal-tulong, seguridad sa pag-aayos at pahintulot-pagtira sa kondisyon, kung ang biktima ay naninirahan sa Finland na walang pahintulot.

➤ **Tulong sa biktima ng pagkalakal ng tao**

Reception center ng Joutseno tel. 071 876 3170
Pagkakaisa ng Monika-kababaehan tel. (09) 692 2304
Tawag-biktima ng krimen www.riku.fi
Polisiya, emerhensiya tel. 112

Mga mahahalagang awtoridad

Ang pakikipagkita sa mga may awtoridad ay tumawag muna sa malapit na tinitirhang awtoridad. Pagkatapos saka pa tumawag sa awtoridad sa bansa, kung hindi pa tapos ang iyong pakay.

TANGGAPAN NG IMIGRASYON
www.migri.fi
Lautatarhankatu 10
00580 HELSINKI
Pangkalahatang impormasyon
Tel. 071 873 3400
Lunes-Biyernes ika-9 hanggang 3 ng hapon

IN TO
www.intofinland.fi
E-mail: info@intofinland
Salomonkatu 17, A-hagdan, 2. palapag
Box Office 82, 00601 HELSINKI
In To ay sentrong-serbisyo ng Kela at Tagapamahala ng Buwis
ng mga manggagawang dumarating sa Finland.

KELA, KANSANELÄKELAITOS
www.kela.fi
Sosyal insyurans Institusyon, Kela,
ay namamahala sa Finland
sa mga sosyal-pangkaligtasan ng mga naninirahan sa iba´t-ibang kalagayan sa buhay.

TANGGAPAN NG NAMAMAHALA SA PAGKAPANTAY-PANTAY
www.tasa-arvo.fi
Tel. (09) 160 73248
Ang namamahala sa pagiging pantay-pantay ng kababaehan at kalalakihan ay pinamamahalaang masunod ang pinaiiral na batas.

TANGGAPAN NG TRABAHO- AT PARAANG-IKABUBUHAY
www.mol.fi

PAMBANSANG TANGGAPAN NG LEGAL-TULONG
www.oikeus.fi

PAMAMATNUBAY NG LEGAL-TULONG
Tel. 0100 86200 magpapatuloy sa pagtulong
Sa pagbigay ng patnubay na legal-tulong ay may mga tanggapang legal-tulong sa bansa. Sa tanggapan ng legal-tulong sa bansa ay may mga abugadong may opisyal na pangalan na pampublikong legal na katulong.

TANGGAPAN NG TAGAPAMAHALA NG MINORIYA
www.ofm.fi
E-mail: ofm@ofm.fi
Tel. 071 878 0171
Ang layunin ng tanggapan ng tagapamahala ng minoriya ay upang maiwasan ang pagdiskrimina ng etniko, mapaunlad ang magandang relasyon ng etniko, pangalagaan ang karapatan ng etniko at dayuhan at masubaybayan ang pagpasunod ng prinsipyo ng etniko.

Pinagmulan ng impormasyon

WWW.INFOPANKKI.FI
Ang bangkong-impormasyon ay may mga mahahalagang nilalamang mga impormasyon sa dayuhan tungkol sa gawain ng lipunan at sa posibilidad sa Finland. Ang impormasyon ay isinalin sa maraming wikang dayuhan.

Mga organis asyon at suporta

PAMBANSANG TULONG NA TELEPONO SA PAGKALAKAL NG TAO
Tel. 071 876 3170
Sentrong tanggapan ng Joutseno

SENTRONG PAGPAGALING SA TORTYUR
Kagawaran ng Diakoniya sa Helsinki
www.hdl.fi
Mäkelänkatu 58-60, 4. palapag, 00510 HELSINKI
Tel. (09) 7750 4584, Lunes-Biyernes ika 8.30 hanggang ika 3 ng hapon

SERBISYONG REHABILITASYON SA TORTYUR SA OULU
Kagawaran ng Diakoniya sa Oulu
www.odl.fi
Isokatu 19 A 8, 90100 OULU
Tel.(08) 313 2692
Ang mga kliyente ay biktima ng pananakit/ tortyur sa sariling bansa na naging takas, aplikante-asaylum at kapamilya nila.
Ang paraan ng pag-alaga sa mga kliyente ay binabatay sa kabuuang pagsusuri ng kalagayan at itoý tutuparin sa konsultasyon at sa maraming grupo ng propesyonal.

PAGKAKAISA NG MONIKA-KABABAEHAN
Nag-aalok at bumubuo ng mga serbisyo para sa mga imigranteng kababaihan, batang babae at mga bata na nabiktima ng karahasan sa tahanan.
www.monikanaiset.fi/
Pagkakaisa ng Monika-Kababaehan
Kinaporinkatu 2 E 40, 00500 Helsinki
Telepono (09) 7279 9999
E-mail: info@monikanaiset.fi
Helpline na pambuong bansa (09) 692 2304

PRO-TUKIPISTE
www.pro-tukipiste.fi
Pro-tukipiste Helsinki
Vilhonkatu 4 B 20, HELSINKI
E-mail: toimisto@pro-tukipiste.fi
Tel. (09) 726 2877

PRO-TUKIPISTE TAMPERE
Aleksis Kiven katu 10 E, TAMPERE
Tel. (03) 3454 2200
Ang samahan ay may mga serbisyo upang mapangalagaan ang mga taong kasama sa trabahong seksuwal sa kanilang kalusugan, kaligtasan at kagalingan.

TAWAG-BIKTIMA NG GAHASA SUPORTANG PAMBABAE
www.tukinainen.fi
Tel. 0800-97895
TAWAG-BIKTIMA NG KRIMEN
Tulong na telepono, www.riku.fi/fi/etusivu/
Tel. 0203 16116
Ang unang gawain ng tawag-biktima ng krimen ay mapagaling ang katayuan ng biktima ng krimen, kapamilya niya at saksi sa krimen. Ang serbisyo ay masusunod sa pamamagitan ng propesyonal na boluntaryong gawain.

Mga sariling talaan

SOS-SENTRONG KRISIS
www.tukinet.net
tel. (09) 4135 0501, Lunes-Biyernes ika 9 hanggang 3 ng hapon
SOS-sentro
Maistraatinportti 4 A, 4. palapag,
00240 HELSINKI
Pangkalusugang-isipan sa Finland SOS-sentro nagbibigay tulong at suportang pang-isipan sa panahon ng krisis. Makakakuha ng tulong kahit hindi magpakilala.

TIMOG-KANLURAN SA FINLAND NA PANGKALUSUGANG-ISIPAN
Serbisyo-Krisis para sa dayuhan
www.turunkriisikeskus.fi
Yliopistokatu 12 a B, 20100 TURKU
Tel. (02) 2333 442
Ang serbisyo-krisis ay tumutulong sa mga kustomer na may malalang suliranin sa isipan at sa kalagayan sa buhay. Ang propesyonal na ibibigay na tulong sa krisis ay kalikasang nakakaayos, bigay suporta at paliwanag.

MINISTERYO NG PANGLOOB NA MGA PANGYAYARI
B.O. 26, 00023 KONSEHO NG ESTADO
Telepono 09 160 01
www.intermin.fi

TANGGAPAN NG PAMAHALAAN NG MINORIYA
B.O. 26, 00023 KONSEHO NG ESTADO
Telepono 071 878 0171
www.ofm.fi

TANGGAPAN NG NAMAMAHALA SA PAGKAPANTAY-PANTAY
B.O. 33, 00023 KONSEHO NG ESTADO
Telepono 09 160 01
www.tasa-arvo.fi

Tagalog 2010

SISÄASIAINMINISTERIÖ

MINISTERYO NG PANGLOOB NA MGA PANGYAYARI
B.O. 26, 00023 KONSEHO NG ESTADO
www.intermin.fi

VÄHEMMISTÖVALTUUTETTU

TANGGAPAN NG PAMAHALAAN NG MINORIYA
B.O. 26, 00023 KONSEHO NG ESTADO
www.ofm.fi

TASA-ARVOVALTUUTETUN TOIMISTO

TANGGAPAN NG NAMAMAHALA SA PAGKAPANTAY-PANTAY
B.O. 33, 00023 KONSEHO NG ESTADO
www.tasa-arvo.fi